

DO NOT GROW WEARY OF DOING GOOD

GALACIA 6:1-10

Mga kapatid, kung ang isang tao ay natagpuan sa anumang pagsuway, kayong mga espirituwal ay dapat panunumbalikin siya sa espiritu ng kaamuan. Tingnan ang iyong sarili, baka ikaw ay matukso rin. ²Dalhin ninyo ang mga pasanin ng isa't isa, at sa gayon ay matutupad ninyo ang kautusan ni Cristo. ³Sapagkat kung inaakala ng sinuman na siya'y may kabuluhan, gayong wala naman siyang kabuluhan, ay dinadaya niya ang kanyang sarili. ⁴Ngunit subukin ng bawat isa ang kanyang sariling gawa, at kung magkagayon, ang kanyang dahilan upang magmalaki ay sa kanyang sarili lamang, at hindi sa kanyang kapwa. ⁵Sapagkat ang bawat tao ay dapat magdala ng kanyang sariling pasan. ⁶Ang tinuturuan ng salita ay dapat magbahagi sa nagtuturo ng lahat ng mga bagay na mabuti. ⁷Huwag kayong padaya; ang Diyos ay hindi maaaring lokohin, sapagkat ang anumang ihasik ng tao, ay siya rin niyang aanihin. ⁸Sapagkat ang naghahasik para sa kanyang sariling laman ay mula sa laman mag-aani ng kasiraan; subalit ang naghahasik sa Espiritu, mula sa Espiritu ay mag-aani ng buhay na walang hanggan. ⁹At huwag tayong manghinawa sa paggawa ng mabuti, sapagkat sa takdang panahon ay mag-aani tayo, kung hindi tayo manlulupaypay. ¹⁰Kaya't habang may pagkakataon, gumawa tayo ng mabuti sa lahat, lalung-lalo na sa mga kabilang sa sambahayan ng pananampalataya.

PANIMULA

1. Ano ang naramdaman mo nang may isang taong tumulong sa iyo sa oras ng iyong pangangailangan? Ano ang nakita mong dahilan kung bakit niya ginawa ito?

Tulay sa Pag-aaral: Kahit mga hindi Cristiano ay gumagawa ng mabuti sa kanyang kapwa. Ngunit may kaibahan ang mga kabutihang ginagawa ng mga Cristiano. Ito ay bunga ng kalayaang tinanggap natin kay Cristo (5:1, 13). Ang layunin nito ay ang karangalan ng Diyos. May nakalaang gantimpala ang Diyos dito dahil sa ginawa ni Cristo sa krus. Ang kapangyarihan at patnubay ng paggawa natin ng mabuti ay nanggagaling sa Espiritu. Kaya naman, hindi tayo magsasawa sa paggawa ng mabuti at gagawin natin ito sa lahat ng pagkakataon.

PAGSASALIKSIK

2. Basahin ang verses 1-2. Anong klaseng pasanin ang dapat nating dalhin bilang tulong sa ating kapatid? Anu-ano ang kundisyon na ibinigay ni Pablo para sa mga taong magpapanumbalik sa isang kapatid na nagkasala?

3. Anu-anong hakbang ang maaari nating gawin upang matulungan ang isang kapatid na nahulog sa kasalanan?
4. Basahin ang verses 3-5. Ngayon naman ay sinasabi ni Pablong dalhin natin ang sarili nating pasanin (v. 5). Ano ang babala na ibinigay dito ni Pablo? Sa tingin mo ay bakit niya binigay ang babalang ito pagkatapos sabihin ang responsibilidad natin sa kapatid nating nagkasala?
5. Basahin ang verse 6. Anong klaseng kabutihan ang nais ni Pablong ipakita natin sa mga nagtuturo ng Salita ng Diyos? Anu-anong kongkretong hakbang ang maaari nating gawin upang maipakita ito?
6. Basahin ang verses 7-9. Anong prinsipyo sa buhay ang itinuturo dito ni Pablo? Paano ito makaka-*encourage* sa atin sa paggawa natin ng mabuti sa mga panahong parang tayo rin ay nanghihina?
7. Ang gantimpala bang nakalaan sa atin ay parang bayad sa ginawa nating kabutihan? Patunayan ito batay na rin sa mga napag-aralan sa Galacia patungkol sa batayan ng ating kaligtasan dahil sa ginawa ni Cristo.
8. Basahin ang verse 10. Bakit sa tingin ninyo medyo espesyal ("lalung-lalo na") ang paggawa natin ng mabuti sa ating kapatid kay Cristo kung ikukumpara sa hindi mga Cristiano? Maaaring ihalintulad ito sa pakikitungo mo sa mga kasama sa bahay kung ikukumpara sa kapitbahay.
9. Paano mo nakikita sa buhay mo ang pagsunod ng utos sa verse 10?

PAGSASABUHAY

10. Sinong *hindi pa Cristiano* ang gagawan mo ng kabutihan ngayong linggong ito? Ano ang gagawin mo upang madama niya ang iyong pagtulong sa kanya? Magbigay ng kongkretong mga hakbang.
11. Sinong *kapatid kay Cristo* ang gagawan mo ng kabutihan ngayong linggong ito? Ano ang gagawin mo upang madama niya ang iyong pagtulong sa kanya? Magbigay ng kongkretong mga hakbang.